**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2**



**JAMES JOAQUIN MORRISON**
**Negosyante**
**Tagapamahala ng Apartment**
**Boluntaryo sa komunidad**

**Lumipat ako sa San Diego noong 1959 nang ako ay 2 taong gulang, ako ay 49 na taong gulang ngayon.**

**Ito ang ika-3 pagkakataon na kumakandidato ako para sa Konseho ng Lunsod ng San Diego, ganyan ang pagmamahal ko sa lunsod!**

Sawa na ba kayo sa pagsisisi ng mga botante, alam kong sawa na ako, nang 6 na buwan sa isang taon sa isang takdang panahon ng taong inihalal ninyo, lumalabas na sila ay katulad din ng nauna!

MANGYARING BUMOTO PARA KAY JIM MORRISON, AT SA HINAHARAP NG SAN DIEGO, SALAMAT PO!

**Ilalabas ko ang pagsusuri ngayon, hindi sa susunod na taon at muling itataas ang ating marka sa bono!**

**Susuriin ko ang lahat ng pagbabayad sa pondo sa pensiyon at mga liabilidad sa segurong medikal at ang mga angkop na pagbawas!**

**Susuriin ko ang lahat ng mga posisyon ng pamahalaan at mga panukat sa suweldo at gagawa ng mga angkop na pagbawas!**

Miyembro ng Konseho ng Bayan ng Pacific Beach

Miyembro ng Komite sa Pagpaplano ng Komunidad ng Pacific Beach

Kinatawan ang Pacific Beach sa pambuong-lunsod na Komite sa Pagpapayo sa Tagaplano ng Komunidad Para sa Transportasyon

Nagboluntaryo para sa Reserba ng Kendall-Frost Mission Bay

Nagboluntaryo para sa Pasko sa Abril na organisasyon ng kalakhang lugar ng San Diego

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman pumunta sa **www.jimmorrisoncity.com,** o magpadala ng email sa **jmorrison5@sbcglobal.net**

Kung kayo ay may mga katanungan o gustong magboluntaryo tumawag po lamang sa **858-274-7581**

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**CAROLYN CHASE**
**Tagapagtatag, Araw ng Mundo ng San Diego**
**Komisyoner sa Pagpaplano**

Lahat tayo ay nagbabayad dahil sa maling pamamahala at katiwalian sa City Hall. San Diego ay natatangay ng agos. Ang mahahalaga, apurahang pangangailangan ay hindi pinapansin.

Ako ay **hihingi ng pananagutan** at **babaguhin ang gawain gaya ng karaniwan**. Ako ay isang **independiyenteng** tinig na nagtatanong ng matatapang ng katanungan at nakakagawa ng pagkakaiba. HINDI KO KAYO BIBIGUIN!

**AYUSIN ANG PANANALAPI NG ATING LUNSOD**

- Buksan ang mga tunay na libro.
- Patigilin ang mga kaduda-duda na paglilipat ng pera.
- Labanan ang pagbibigay ng murang pagbebenta ng pampublikong lupa.
- Ibalik ang ating marka sa kredito.
- Itigil ang mga rentang labis na pabor sa isang panig.

**INTEGRIDAD**

- Isagawa ng pampublikong gawain sa harap ng publiko.
- Mamagitan kapag ang burukrasya ay lumilinlang sa publiko.
- Patigilin ang mga panloob na negosasyong nakakabuti lamang sa isang panig.
- Palakasin at ipatupad ang tuntunin sa etika.

**ASIKASUHIN ANG DAPAT GAWIN**

- Pondohan ang mga kailangan hindi ang mga tulong na salapi.
- Maglagay ng sapat na pulis sa mga kalye.
- Linisin ang ating mga parke at dalampasigan.
- Maging seryoso sa trapiko.
- Itigil ang maaksayang paggasta.
- Itigil ang mga abuso ng kapangyarihan ng pamahalaan sa pagkuha ng ari-arian.
- Kontrolin ang dumi (hangin, tubig, ingay).
- Balansehin ang paglaki at mga pangangailangan ng komunidad.

**MAKARANASANG LIDER NA LUMULUTAS SA MGA SALUNGATAN AT NAKAKAGAWA NG MGA RESULTA**

- Tagapagtatag, Araw ng Mundo sa Balboa Park
- May-ari ng Maliit na Negosyo
- 25-taon na residente, Pacific Beach/Mission Beach
- Babae ng Taon ni Miyembro ng Asembleya Kehoe
- Komisyoner sa Pagpaplano
- Gantimpalang Tagagawa ng Kapayapaan ng Sentro ng Pamamagitan

Mga Katanungan? info@ChaseForCouncil.com / (858)272-0347

Inendorso ng Sierra Club

Ang mga guro, opisyal ng pulisya, tauhan sa emerhensiya, at mga lider ng komunidad ay sumusuporta:

Carolyn Chase

***Baguhin ang Gawain Gaya ng Karaniwan!***

**ChaseForCouncil.com**

CS0720-2

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**IAN TROWBRIDGE**
**Retiradong Propesor ng Salk/UCSD**
**Karanasan, Kakayahan, Integridad**
**Isang Independiyenteng Tinig**

Edukasyon: B.A. Biochemistry, Ph.D Immunology, Oxford England.
Propesyon: Direktor ng Laboratoryo ng Biyolohiya sa Kanser, Salk Institute.
Imbentor ng mga biyolohikal na lumikha ng higit sa 8 milyon dolyar sa mga bayad sa paggamit.

Dating miyembro ng Grupo sa Pagpaplano ng Komunidad ng Lunsod ng Unibersidad.

Tatlumpu't-tatlong taon na residente ng San Diego na labing-apat na taon nang naninirahan sa Mission Hills.

Tumulong na ibalik ang orihinal na plano para sa Parke sa Parke nang tinangka ng Padres na bawasan ang sukat nito.

Inilantad ang katiwalian sa San Diego Data Processing Corporation, humantong sa kasalukuyang pagbangon nito.

Naiintindihan **kung paano ang tiwali, walang-kakayahang City Hall** ay naging sanhi ng kasalukuyang krisis sa pananalapi.

- **Alisin na ang gawain tulad ng karaniwan.**
- **Itigil ang pag-ahente sa mga espesyal na interes. Ibalik ang San Diego sa mga tao.**
- **Ibalik ang kalusugan sa pananalapi ng San Diego na pinamamalagi ang lahat ng mapipili sa mesa.**
- **Baguhin ang kultura ng korporasyon sa tanggapan ng lunsod upang itaguyod ang bukas, etikal na pamahalaan.**
- **Itigil ang paggamit ng Konseho ng Lunsod bilang sanayan para sa mga pagiging pulitiko ang karera.**
- **Manindigan laban sa pagkuha ng pribadong ari-arian sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pamahalaan na kumuha ng ari-arian.**
- **Pangalagaan ang kapaligiran at kalidad ng buhay.**
- **Tiyakin na ang mga pagbawas sa badyet ng lunsod ay hindi nagpapahina ng impra-istruktura ng lunsod, kapital na tao at mga pangunahing serbisyo.**

www.iantrowbridgeforcitycouncil.com

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**KATHLEEN BLAVATT**
**May-ari ng Maliit na Negosyo/Guro**

**Kailangan:**
**Isang Lider ng Repormang Sibiko**
**Natagpuan:**
**Isang lider ng komunidad na dumating, at laging darating para sa atin!**
Kasamang Nagtatag ng Alyansa sa Baybayin ng San Diego

### NAGAWA NI KATHLEEN AT PATULOY NIYANG GAGAWIN NA:

- **IPAGTANGGOL ANG ATING BATAS NA 30 TALAMPAKANG LIMITASYON NG TAAS SA BAYBAYIN.**
- **PROTEKTAHAN ANG ATING MGA PAMPUBLIKONG LUPA AT KAYAMANAN.** **Papanagutin niya ang mga tagapagtayo at tatapusin ang negosasyong nakakabuti lamang sa pinapapaborang panig na umuubos ng ating pangkalahatang pondo.**
- **PATIGILIN ANG MULING PAGPAPAUNLAD AT ABUSO NG KAPANGYARIHAN NG PAMAHALAAN NA KUMUHA NG ARI-ARIAN.**
  **Poprotektahan niya ang mga negosyo, tahanan at ari-arian.**
- **GAWIN ANG PALIPARAN NA MABUTING KAPITBAHAY.**
  **Pigilan ang mga paglipad sa labas ng karaniwang daan at mga di-ligtas na kondisyon. Panatilihin ang ingay sa mga antas na legal at itigil ang pag-alis pagkaraan ng 11:30 PM.**

### SINO SIYA:

- Isang ikalimang henerasyon na taga-California, na nagmamahal sa kanyang komunidad
- 25 taon nang may-asawa
- Unibersidad ng Estado ng San Diego, B.A. Digri
- May-ari ng negosyo mula noong 1978
- Guro, awtor, alagad ng sining at espesyalista sa mga komunikasyon ng mga larawan
- 15 taon nang nagtatrabaho sa mga kapansanan sa pag-unlad

**PAGKAKAISAHIN NI KATHLEEN ANG MGA TAO**
**at titiyakin na ang mga desisyon ay ginagawa sa kabutihan ng publiko.**

---

**INENDORSO NI:**

**Mel Shapiro, Bantay sa Sibiko**

**Alex Leondis, Tagapangulo ng VOTE**
**Tagalikha ng 30 talampakan na Limitasyon ngTaas sa Baybayin**

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**PHIL MEINHARDT**
**Retirado, Tenyente Koronel,**
**NAVY/AIR FORCE**

**Kailangan ng pamahalaan ng San Diego ng tulong: Alam kong makakagawa ako ng pagkakaiba.** Kailangan ng San Diego, para sa hinaharap, isang nilinaw na kontribusyon sa sistema ng pensiyon/medikal; bukas, matapat, may-pananagutang pamamahala, at pangangalaga sa kapaligiran. Sa gawaing ito, dadalhin ko ang kodigo ng dangal ng Akademya ng Air Force; malakas na kredensiyal mula sa Paaralan ng Negosyo ng UCLA; naipakitang pamumuno/karanasan sa pamamahala sa malalaking badyet, maraming kontrata, at sa direksyon para sa malaking bilang ng mga tao, pareho sa bansa/daigdig

Matatag na kakatawanin ko ang mga interes ng Distrito/Lunsod upang muling makuha/mapanatili ang maipagmamalaki sa mundo na paggalang sa San Diego.

**MGA KUWALIPIKASYON**

**PAARALAN NG NEGOSYO NG UCLA, MBA**
**AKADEMYA NG AIR FORCE, BS, PANGKALAHATANG INHINYERIYA**

**Kabuuang Karanasan:** Redrut na Seaman ng Navy, hanggang maging Tenyente Koronel ng Air Force. USAF/FAA Instruktor na Piloto. Pagpaplano, pagprograma, pagbadyet, pag-organisa at pagbuo ng patakaran para sa Kagawaran ng Depensa. Mga serbisyo sa pananalapi, mundo ng negosyo; karanasan ng maliit na negosyo.

**Mga halimbawa:.**

- **PHNOM PENH, CAMBODIA -** personal na sumulat ng plano para sa matagumpay na paglikas, inilarawan sa pelikulang Killing Fields.
- **MATAAS NA TEKNOLOHIYANG PANGHIMPAPAWID - Direktor** ng 105 inhinyero/siyentista ng 30 kompanya ng espasyong panghimpapawid sa nasa ilalim ng konrata. **Hepe,** Mga Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon, Dibisyon sa Pagtutuos ng Gastos/Iskedyul.
- **PATAKARAN, OPISYAL NA MATAAS NA PAGPROGRAMA -** 130,000 tao na organisasyon.
- **METLIFE** - Personal/pangnegosyong mga produkto. Pinakamahusay na opisina-pangkat na gantimpala, tatlong taon, Hilagang-Kanluran na Rehiyon.
- **PANGANGASIWA NG MALIIT NA NEGOSYO -** Tagapayo ng Kliyente

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2**



**ALLEN HUJSAK**
**www.allenforcouncil.com**

Sa 7 taon bilang residente ng Distrito 2, nagkaroon ako ng pagkakataon na magsimula ng negosyo, suportahan ang lokal na negosyo at makilala ang marami sa aming mga kapitbahay. Ang ilan sa mga bagay na taglay naming lahat ay ang aming pagmamahal sa tinitirahan namin at hangarin namin para sa ikakabuti ng aming mga kapitbahayan. Kaming lahat ay may mga inaalala, at mga ideya kung paano gagawin ang ating distrito na mas mabuting lugar. Sa kasamaang-palad nakita namin ang aming mga inaalala at mungkahi na bumagsak sa mga binging tainga. At kapag dininig ang aming mga inaalala, ang tugon ay napakabagal at hindi makakabuti sa amin.

Dahil sa ating mga inaalalang ito para sa komunidad kaya ipinasiya kong maging bahagi ng solusyon sa pamamagitan ng pagiging miyembro ng konseho ng ating distrito. Bilang Miyembro ng Konseho gagamitin ko ang aking kasanayan na binuo sa maraming taon sa negosyo para sa pagbuo ng mga relasyon at paglutas ng mga problema. Para sa inyo na nakadama ng pagkadismaya at kawalan ng tinig, lilikha ako ng mas mabisang paraan ng komunikasyon para sa inyo. Naniniwala ako na sa pamamagitan ng ating komunikasyon magagawa kong magtrabaho kasama ng ibang mga miyembro ng Konseho ng Lunsod at sa tanggapan ng Alkalde upang mapabuti ang ating komunidad at matupad ang ating mga hangarin.

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**TIM RUTHERFORD**
**Abugado**
**Faith Based Non-Profit**

KARANASAN AT KASAYSAYAN UPANG MAGAWA ANG TRABAHO

- Ika-5 Henerasyon na Taga-San Diego – Ika-2 Distrito mula noong 1960
- May-asawa - Bertha Bustamante Rutherford
- Anim na Anak
- Unibersidad ng Stanford - May Karangalang Digri sa Ekonomiya 1975
- Paaralan ng Batas ng Stanford 1978
- Abugado Para sa mga Tao - Lumulutas ng mga Tunay na Problema sa 26 na Taon
- Tagapagpaganap - Episcopal na mga Serbisyo sa Komunidad - Lumulutas ng mga Problema ng Komunidad at Kahirapan sa pamamagitan ng **Serbisyong Panlipunan na Batay sa Pananalampataya**
- Karanasan sa Pagpapatakbo ng Negosyo - Gumawa ng Pasahod, Nagbalanse ng mga Libro, Lumikha ng Sinuring mga Pananalapi

**LINISIN ANG CITY HALL**

- Kumpletuhin ang Pagsusuri - Ibalik ang Marka sa Bono
- Magdala ng Pamumuno, Maturidad at Pagpapasiya sa City Hall
- **Ipagbawal ang mga Kontribusyon sa Kampanya ng mga Tagalobi**

**WALANG PAGPAPALAWAK NG PALIPARAN**

- Hingin sa Awtoridad ng Paliparan na Maging Seryoso Tungkol sa mga Panghalili

**LUTASIN ANG MGA PROBLEMA NG KOMUNIDAD**

- Balansehin ang Kakapalan ng Pagpapaunlad - Bawasan ang Trapiko
- Ayusin ang mga Butas sa Kalye - Kumpunihin ang Impra-istruktura
- Patigilin ang mga Negosasyon sa Pagpapaunlad na Nakakabuti sa Pinapaborang Panig Lamang
- Ang mga Tagapagtayo ay Dapat Magbayad ng Kanilang Makatarungang Kabahagi
- Unahin ang Abot-kayang Pabahay

**LINISIN ANG MGA DALAMPASIGAN AT LOOK**

- Panatilihing isang Parke ang Mission Bay - Hindi Pagkakataon Para sa Pagtatayo
- Mabuting Pangangasiwa ng mga Kayamanan - Protekatahan ang mga Basang-lupa
- Pagtrabahuhin ang mga Tao sa Paglilinis ng Ating mga Dalampasigan na Ginagamit ang mga Kasalukuyang Programang Serbisyong Panlipunan

**ISANG TAGALABAS - BILANG PAGBABAGO**

- **Isang Mapagmalasakit na Lider na may Independiyenteng Pananaw**

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**RICH GROSCH**
**Guro – 20 Taon na Edukador**
**Lokal na Negosyante**
**Bise-Presidente, Namamahalang Lupon ng Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Diego**

**SI RICH GROSCH AY NAKATANGGAP NG HALOS 70% NG BOTO SA PINAKAHULING PAGHALAL SA KANYA!**

**Malinaw na si Rich Grosch ay isang subok na mananalo: isang malakas na rekord na may namumukod na kakayahan sa pamumuno.**

BAKIT ANG MGA LIDER NG KOMUNIDAD, MGA PROPESOR SA KOLEHIYO AT MGA ESTUDYANTE AY NAG-EENDORSONG LAHAT KAY RICH GROSCH?

Rich Grosch: pagiging guro ang karera, lokal na negosyante, at lider ng komunidad na may karanasan na kailangan ng San Diego upang umunlad!

---

Bilang isang guro, lagi akong lubos na kalahok sa aking komunidad, araw-araw na nararanasan ang mga pangangailangan ng lakas paggawa. Sa pamamagitan ng aking bukod-tanging edukasyon/karanasan sa komunidad, nadarama ko na ang natataglay ko ang mga katangiang kailangan upang mamukod bilang Miyembro ng Konseho ng Lunsod ng San Diego.

–Rich Grosch

---

**KAILANGAN NG ATING LUNSOD ANG MALAKAS NA PAMUMUNO SA PANAHONG ITO NG PAGHIHIRAP SA PANANALAPI.**

**Si Rich Grosch ay Magkakaloob ng makaranasang pamumuno upang:**

- **Balansehin ang Badyet ng Lunsod**
- **Ayusin ang Gusot sa Pensiyon ng Lunsod**
- **Protektahan ang mga Trabaho**
- **Pahusayin ang ating mga Komunidad**
- **Pangalagaan ang Kapaligiran**

---

"Nanguna si Rich sa paglutas sa matagal na hindi pagkakasundo ng Distrito at mga guro nito, pinangalagaan ang mga interes ng mga nagbabayad ng buwis habang pinamamalagi ang mahusay na pagtuturo."

– Dr. Kelly Mayhew, Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Diego
Tagapag-ugnay ng Programa ng May Karangalan

---

**IBOTO ANG ISANG MAKARANASANG LIDER NA MAY SUBOK NA REKORD, *HINDI ISANG* PULITIKO ANG KARERA!**

**IBOTO SI RICH GROSCH PARA SA KONSEHO NG LUNSOD!**

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2**



**LORENA GONZALEZ**
**Abugado Para sa Kapaligran/Ina**

**Panahon na para isulong ang San Diego.**

Naglilingkod ako sa **Komisyon sa mga Lupa ng Estado ng California**, kung saan pinangangalagaan ko ang ating mga dalampasigan at look, pinangangalagaan ang ating mga pampublikong ipinagkakatiwalang lupa, at tinitiyak ang makatwirang halaga sa pamilihan kapag nagpapaupa ng mga pampublikong lupa.

Bilang **Bise-Presidente ng Liga ng mga Botante ng Konserbasyon ng San Diego**, nagtrabaho akong kasama ng mga lider ng komunidad upang pangalagaan ang kalidad ng kapaligiran ng ating mga kapitbahayan.

Sa **Lupon ng mga Direktor ng Nakaplanong Pagiging Magulang**, ako ay tagapagtaguyod para sa pagpigil ng pagbubuntis ng tinedyer.

Bilang **Nakatataas na Tagapayo kay Ten. Gobernador**, itinulak ko ang mga patakaran sa patas na pagtanggap sa Unibersidad ng California.

Nagsikap ako upang makakuha ng mabuting edukasyon - nag-aral sa **Unibersidad ng Stanford, Unibersidad ng Georgetown, at Paaralan ng Batas ng UCLA**. Tulad ng aking ina na inilaan ang kanyang buhay sa paglilingkod sa ibang mga tao bilang isang nars, pinili kong gamitin ang edukasyon upang paglingkuran ang komunidad.

Ang aking asawa, si Don, ay isang Opisyal na Patrol ng Haywey. Alam ko kung paano maghintay at magtaka at mag-alala. **Wala sinuman sa Konseho ng Lunsod na gagawin ang kaligtasan ng publiko na mas mataas na prayoridad**.

Ang aming dalawang batang anak ay nararapat sa isang mas mabuting San Diego.

Ikararangal ko na katawanin kayo sa Konseho ng Lunsod. Nagpapasalamat ako sa inyong pagsasaalang-alang.

May mga katanungan? Tawagan Ako - 858-274-2167

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2**



**GREG FINLEY**

Mga Kapwa Kong Taga-San Diego –

Ang ating Lunsod ay humaharap sa isang krisis na hindi na nakikita sa kasaysayan nito. Ang pananaig ng ambisyon sa kabutihan ng ating mga mamamayan ay naglubog sa atin sa iskandalo at utang. Ang ating dangal na sibiko ay binugbog ng mga istoryang kinukutya ang Enron sa tabing Dagat.

Ang panahon kung saan ang pera at pag-endorso ay may mas malakas na tinig kaysa sa manghahalal *ay* natapos na. Panahon na para sa makatwiran, walang-kinikilingan, at *maliwanag* na paggawa ng desisyon: Ang uring gagamitin mo sa iyong sariling sambahayan o para sa iyong sariling negosyo.

Ang krisis sa pananalapi ay dapat lutasin nang may integridad at pagkamalikhain: Bilang inyong miyembro ng konseho walang-pagod akong magtatrabaho para sa layuning ito. Sa gawain ay dadalhin ko ang higit sa 30 taon ng karanasan bilang isang lokal na may-ari ng maliit na negosyo at empresaryo, bilang karagdagan sa serbisyo bilang boluntaryong miyembro ng iba't-ibang lupon at organisasyon na itinalagang bumuo ng mga bagong direksiyon para sa ating komunidad. Pinakamahalaga, dadalhin ko ang aking pagmamahal sa San Diego... Ang aking tahanan, ang tahanan ng aking ama at lolo, at tahanan ng aking mga anak at mga apo.

Hindi pagiging pulitiko ang aking karera. Hindi ko ipagbibili ang ating hinaharap sa pinakamataas na tumawad. Igagalang ko ang inyong pagtitiwala.

www.FINLEYFORCOUNCIL.com

# LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**LINDA FINLEY**

AKO AY ISANG RETIRADONG MAY-ARI NG NEGOSYO NG FINLEY'S HOUSE OF CARPET ISANG NEGOSYO NG PAGTITINGI AT CABRILLO FLOOR COVERINGS NA ISANG PAKYAWANG PANTAKIP SA SAHIG NA NEGOSYO NA HUMAHARAP SA MGA PANLOOB NA TAGADISENYO, ARKITEKTO AT IBA PA DITO SA SAN DIEGO.

AKO AY ISANG IKAAPAT NA HENERASYONG TAGA-CALIFORNIA NA ORIHINAL NA NANGGALING SA HERMOSA BEACH; KUNG SAAN ANG AKING LOLO NG AKING AMA NA SI GEORGE C. SCOLES AY TAGAPAGTATAG NG LUNSOD, AKTIBO SA PAGBUO AT PAGPAPLANO NG LUNSOD SA MGA HULING TAON NG 1800. SIYA AY NAG-AMBAG DIN SA LUNSOD NG MAHAHALAGANG LUPA NG PARKE NA SIYA MISMO ANG NANGALAGA NANG WALANG SINGIL SA LUNSOD, ANG LUPA NG PARKE AY NAMAMALAGI NGAYON PARA SA KASIYAHAN NG LAHAT SA HERMOSA BEACH, GUSTO KONG SUNDAN ANG KANYANG MGA BAKAS DITO SA SAN DIEGO.

NAG-ARAL AKO SA MATAAS NA PAARALAN NG MISSION BAY SA PACIFIC BEACH. NAG-ARAL AKO SA INSTITUTO NG DISENYO SA SAN DIEGO. NAG-ARAL AKO SA KOLEHIYO NG LUNSOD AT KUMUHA NG KASAYSAYAN NG SINING, HUMANIDAD PANGKALAHATANG EDUKASYON SA DOWNTOWN KUNG SAAN ANIM NA TAON NA AKONG NANINIRAHAN. NANINIRAHAN AKO SA DISTRITO 2 PARA SA MAS MALAKING BAHAGI NG 35 TAON, KILALANG-KILALA KO ANG DISTRITO.

AKO AY ISANG MAKABAYAN, GUSTO KONG MAKITANG NAGKAKABISA ANG DEMOKRASYA, GUSTO KO NG BUKAS NA PAMAHALAAN, GUSTO KONG MALINIS NA HANGIN, MGA DAGAT, GUSTO KONG MAKITA ANG LUNSOD NA MALUSOG ANG PANANALAPI.

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**KEVIN FAULCONER**
**Negosyante**

**Naniniwala ako ang pinakamahuhusay na araw ng San Diego ay darating pa.** Ang aking asawa, si Katherine, at ako ay naninirahan sa Point Loma kasama ang aming mga anak, si Jack at Lauren. Nagsikap ako upang pabutihin ang San Diego - bilang Tagapangulo ng Komite ng Mission Bay at bilang lider sa pakikipaglaban upang mapabuti ang kaligtasan ng publiko. Magkakasama, dapat nating:

**IBALIK ANG KATINUAN AT PANANAGUTAN SA PANANALAPI**

Alisin na ang paninisi ng iba. Magdadala ako ng pananagutan sa City Hall at patitigilin kaagad ang walang-ingat na paggasta.

Babalansehin ko ang mga libro at puputulin ang pag-aaksaya upang makatipid ng mga dolyar para sa mahahalagang serbisyo tulad ng pulisya, mga parke at mga programa pagkalabas ng paaralan.

**BUKSAN ANG TANGGAPAN NG LUNSOD SA PUBLIKO**

Ako ay nakalaang kumilos upang repormahin ang City Hall upang matiyak ang pagiging bukas at pananagutan.

***"Si Kevin Faulconer ay nagtataglay ng katapatan at integridad na kailangan natin sa Konseho ng Lunsod."***

**Sheriff Bill Kolender**

**PANATILIHING LIGTAS ANG MGA KAPITBAHAYAN**

Makikipaglaban ako upang pahusayin ang mga oras ng pagtugon ng paramediko upang protektahan ang kaligtasan ang ating mga pamilya.

Ikinararangal ko na inendorso ni **Abugado ng Distrito Bonnie Dumanis.**

**PROTEKTAHAN ANG MISSION BAY AT ANG ATING MGA DALAMPASIGAN**

Ang mga parke at dalampasigan ay dapat na isang prayoridad. Bilang Tagapangulo ng Komite ng Mission Bay, natuklasan ko ang $17 milyon sa mga kita ng parke na ginagamit ng mga pulitiko para sa walang-habas na paggasta sa halip na protektahan ang ating look!

**Magkakasama malalampasan natin ang mahihirap na panahon ng San Diego.**

www.KevinFaulconer.org

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



### ROBERT LEE

Ikinararangal kong manirahan sa Pinakamagandang na Lunsod ng Amerika. Sa nakaraang dalawang taon, gayunman, ang reputasyon ng ating dakilang komunidad ay nadungisan. Panahon na para sa mga mamamayan ng San Diego at mga nagbabayad ng buwis na bawiin ang ating lunsod. Sa tulong ninyo, ibabalik ko ang mga magagandang prinsipyo ng katapatan, integridad at serbisyo sa publiko sa pamahalaan ng lunsod.

Magsisikap ako upang makamit ang maraming mahahalagang hangarin bilang susunod na Miyembro ng Konseho para sa Distrito 2, lalo na sa tinatawag kong **Ang 3 P**: **Reporma sa Pensiyon, Kaligtasan ng Publiko,** at **Mga butas sa daan (Potholes)**.

- **Reporma sa pensiyon**: Magtatrabaho ako upang gumawa ng mahirap, pero kailangang, mga solusyon sa ating mga kakulangan sa pensiyon at pangkalahatang pondo.
- **Kaligtasan ng publiko**: Ang pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan. Malakas kong susuportahan ang ating kagawaran ng Pulisya at Bumbero.
- **Mga butas sa kalye**: Sa mga nakaraang taon, ang impra-istruktura ng ating lunsod - mga kalye, alkantarilya, bangketa, atbp.- ay napabayaan at nagkaroon ng maramings sira. Magtatrabaho ako upang magamit nang mas mabuti ang mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis at pahusayin ang ating nabubulok na impra-istruktura.


Magtatrabaho rin ako sa mga isyung tulad ng magiliw sa nagbabayad ng buwis na istadyum ng *Chargers,* at pananatilihing malinis ang ating mga look at mga dalampasigan.

Sa Nobyembre 8, ikararangal ko na tanggapin ang inyong boto para sa isang sariwa, bagong pagbabago.

**http://LeeForDistrict2.org**

**leefordistrict2@gmail.com**

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**TOM EATON**
**Guro ng Pampublikong Panggitnang Paaralan**

ANG WALANG-LAMANG KABAN AY NANGANGAHULUGAN NG WALANG-LAMANG MGA BUHAY

Hindi kailangan ng malungkot na litanya ng mga krimen na hinayaan nating gawin ng ating lider. Masama ito, pero malalampasan natin ito kung tayo ay LALAHOK – hindi lamang boboto – kundi MAKIKIPAG-UGNAYAN at magkakaroon ng KAMALAYAN sa mga pangangailangan ng ating komunidad.

Kaya, narito . . .

Ang ating lipunan ay waring NAKALIMOT sa pinakamahalagang bagay: ANG KALIDAD NG BUHAY. Tandaan ninyo, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, impra-istruktura, ilan lamang sa mga bagay na kailangan natin para sa isang malusog, masigla, at produktibong komunidad.

ANG TUNAY NA MAHALAGA

Magkakasama tayong lahat dito. Kung minsan kailangan nating tulungan ang isa't-isa; ayusin ang bintana, kumpunihin ang bakod, tulungan ang matatandang mamamayan. Gumugol ako ng panahon upang dalhin ang mga bata sa mga pul ng may alon upang pag-aralan ang buhay dagat, naging miyembro ng Pundasyon ng Surfrider at naglingkod bilang presidente ng PTA para sa aking paaralan. Mahal ko ang kapaligiran, at anuman ang mangyari sa ating komunidad, HINDI AKO KAILANMAN tatanggap NG PERA mula sa ANUMANG grupo ng espesyal na interes.

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**GEORGE RICHARD NAJJAR**
**Abugado**
**17-taon na Residente ng San Diego**

Ipinapangako ko na etikal na kakatawanin ang ating magandang distrito at ating magandang lunsod. Walang mga espesyal na interes, walang partidistang adyenda.

**Upang manatiling Pinakamaganda na Lunsod ng Amerika, dapat nating:**

* Ayusin ang Tanggapan ng Lunsod
* Itaas ang kaligtasan ng publiko sa buong lunsod, lalo na sa ating mga dalampasigan
* Pamahalaan nang mas mabuti ang trapiko, paradahan at paglaki
* Pangalagaan ang kapaligiran ng San Diego. Ito ang dahilan kung bakit tayo naninirahan dito, at ito ang diwa ng ating industriya ng turismo. Dapat tayong laging maghangad ng pinakamalinis na tubig, lupa at hangin.

**Ang Tunay na Pagkatawan ay nangangahulugang:**

* PAGLILIGTAS SA KRUS NG BUNDOK SOLEDAD – Ang mga taga-San Diego ay <u>dalawang beses</u> bumoto na iligtas ang krus, pero ang ating mga kinatawan ay tumangging pakinggan ang mga tao. Ipinapangako kong isasakatuparan ang inyong mga tagubilin.
* PAGPUTOL SA ILEGAL NA IMIGRASYON – Hindi puwedeng patuloy na dalhin ng ating sistema ang pasaning ito. Ididiin ko sa pederal na pamahalaan na putulin ang pagdaloy ng mga ilegal na migrante, at bayaran ang San Diego para sa mga serbisyong ipinagkakaloob natin sa kanila.
* PAGTATAAS NG BUWIS SA TURISTA – Dapat nating itaas ang Buwis sa Pag-okupa ng Bisita (TOT), na nagbubuwis sa mga <u>turista</u> <u>lamang</u>, upang madagdagan ang kita. Ang ating TOT ay mas mababa sa pambansang pamantayan.

**IBOTO SI GEORGE RICHARD NAJJAR UPANG MULING PALAKASIN ANG SAN DIEGO**

<u>WWW.GEORGENAJJAR.COM</u>

**LUNSOD NG SAN DIEGO**
**Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2**



**PAT ZAHAROPOULOS**
**Tagausig na Abugado ng Estado**

Ako ay katulad ninyo.

Nagtatrabaho tayo araw-araw, pinalalaki ang ating mga pamilya, pinag-aaral ang ating mga anak at binabayaran ang ating mga bayarin at buwis. Hindi tayo kumukuha ng mga tagalobi upang puwersahin ang mga tagagawa ng patakaran o dumadalo sa mga pulong ng konseho. Ipinagkakatiwala natin ang ating pamahalaan sa katapatan ng ating mga inihalal na opisyal.

Ang ating lunsod ay nasa krisis. Poprotektahan ko ang interes ng publiko nang may dangal. Bilang tagausig sa paghahabol ng estado para sa 32 taon, araw-araw na nagsuri ng maraming masalimuot na impormasyon, nagtanong ng mga may-kaugnayang katanungan at nagpasiya ng pinakamabuting aksyon. Ginagamit ko rin ang karanasan sa buhay at sentido komun.

Gusto nating lahat ang isang magandang San Diego. Ang mga mararangyang proyekto ay mabuti para sa ating aliwan at ating turismo. Pero ang mga pangunahing tungkulin ng pamahalaan ng lunsod ay proteksiyon, edukasyon at pagpapanatili ng impra-istruktura. Ito'y sentido komun: Una ay nagbabadyet tayo para sa mga pangangailangan at saka para sa mga kagustuhan.

Ako ang inyong kapitbahay; ang ina ng dalawang may sapat na gulang, ipinanganak sa San Diego na mga anak, na ngayon ay nagtatrabaho bilang Kinatawang Abugado Heneral at utang sa komunidad na ito ang lahat ng angkin niya.

Lumalapit sa ko sa inyo sa tunay na diwa ng demokrasya ni Jefferson, isang demokrasya ng mamamayan. Hinahangad ko ang katungkulang ito upang paglingkuran kayo at ipinapangako ang aking pinakamahusay. Mangyaring iboto si ZAHAROPOULOS.

PAT ZAHAROPOULOS

## LUNSOD NG SAN DIEGO
## Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2



**DAVID DIEHL**
**Negosyante ng Maliit na Negosyo**

**BUNUTIN ANG PLAG SA MGA ESPESYAL NA INTERES**
**TAPUSIN ANG MARUMING PERA NA PULITIKA**

**Sawa na ba sa Pagnanakaw ng inyong mga Dolyar na Buwis ng mga Pulitikong inihalal ng Malaking Negosyo o Pera ng Unyon ng Paggawa?**

**Noong 1998, kumandidato ako para sa Konseho ng Lunsod sa plataporma na Pagbunot ng Plag sa Kawanggawa sa Korporasyon. Noong panahong iyon, ang mga Interes ng Korporasyon, mga Tagapagpaunlad ng Lupa at mga Koponan ng Palakasan ay nagnanakaw sa mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagkuha ng kaluwagan sa buwis, pagtustos at mga negosasyon na nakakabuti sa kanilang pinapaborang panig lamang. Gumasta ng $1,000, nakatanggap ako ng halos 12% ng boto sa isang halalan kung saan higit sa $400,000 ang ginasta, karamihan nito ay pera ng espesyal na interes.**

**Sa panahon ng kampanya ng 98 lubos akong nadismaya sa maruming pulitika ng pera at sumapi sa Alyansa sa Malilinis na Halalan ng San Diego, naging presidente nito noong 1999. Ang misyon ng Alyansa ay Tapusin ang Pamamayani ng Espesyal na Interes sa mga Halalan.**

**PLATAPORMA**

- **Malinis na Pera na Reporma sa Pagtustos sa Kampanya**
- **Pangangalagaan ang ating mga Parke, Dalampasigan, Bukas na Espasyo at Malalaking Lambak**
- **Walang Bago o Tinaasang Buwis nang walang Boto ng Publiko**
- **Itaas ang Paglahok ng Botante sa Paggawa ng Desisyon**
- **Itaguyod ang Pagdami ng Trabaho sa pamamagitan ng Pagpapatigil sa Pagkuha sa Labas at Ilegal na Imigrasyon**
- **Itigil ang Paggamit ng Kapangyarihan ng Pamahalaang Kumuha ng Ari-arian para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya**

**Mga kuwalipikasyon:** **Digri sa Pagtuturo (1964)**
**Digri sa Batas (U.S.D.1971)**
**Tatlumpung Taon ng Walang-bayad na Serbisyo sa Komunidad**

www.DiehlforCouncil.com
**(619)523-9199**